Mensahe Walo

## Itinatayo ang Pader ng Lunsod para sa Proteksyon ng Ekklesia bilang ang Bahay ng Diyos

Babasahin sa Kasulatan: Neh. 1:3; 2:9-20

**I. Ang aklat ng Ezra ay isang kasaysayan ng pagbabalik ng pagkabihag ng Israel at ang muling pagtatayo ng templo; ang aklat ng Nehemias ay isang kasaysayan ng muling pagtatayo ng pader ng lunsod ng Herusalem—Neh. 2:17-20:**

A. Ang lunsod ng Herusalem ay isang pananggalang at protesyon para sa bahay ng Diyos, na nasa loob ng lunsod—b. 13:

1. Ito ay sumasagisag na ang bahay ng Diyos bilang ang Kanyang pananahan at tahanan sa lupa ay kailangang maitatag ang Kanyang kaharian bilang isang kinasasaklawan upang ipananggalang ang Kanyang interes sa lupa para sa Kanyang administrasyon upang isagawa ang Kanyang ekonomiya—b. 15.
2. Ang muling pagtatayo ng bahay ng Diyos ay sumasagisag sa pagbabawi ng Diyos sa napababang ekklesia, at ang muling pagtatayo ng pader ng lunsod ng Herusalem ay sumasagisag sa pagbabawi ng Diyos ng Kanyang kaharian—bb. 17-20.

B. Ang pagtatayo ng Diyos ng Kanyang bahay at ang Kanyang kaharian ay magkasama—Mat. 16:18-19.

**II. Ang unang seksyon ng aklat ng Nehemias, kapitulo 1 hanggang 7, ay ang muling pagtatayo ng pader ng lunsod ng Herusalem sa ilalim ni Nehemias:**

A. Tumanggap si Nehemias ng ulat na ang pader ng Herusalem ay nasira at ang mga pintuan ay nasunog ng apoy—1:3b.

B. Sinasaad ng Nehemias 2:9-16 ang paglalakbay ni Nehemias sa Herusalem at ang kanyang personal na obserbasyon ng kalagayan ng pader ng lunsod ng Herusalem.

C. Ang Nehemias 2:17-20 ay isang salita hinggil sa muling pagtatayo ng pader ng Herusalem:

1. Ang templo ay ang lugar ng presensya ng Panginoon, kung saan ating nakakatagpo at pinaglilingkuran ang Panginoon, subalit nangangailangan ito ng proteksyon.
2. Ang pader ng lunsod ay ang depensa sa templo; kung walang pader, walang proteksyon.
3. Ang pader ng lunsod ay hindi lamang para sa proteksyon bagkus para din sa paghihiwalay.
4. Ang aklat ng Nehemias ay nagsasabi sa atin na dapat nating lahat na itayo ang ating bahagi ng pader; ang bawat isa ay dapat magtayo ng kanyang sariling bahagi—4:6, 19.

D. Kailangan nating intrinsikong sumunod sa tularán ni Nehemias upang "itayo ang pader," upang itayo ang ekklesia bilang ang kaharian ng Diyos, para sa proteksyon ng ekklesia bilang ang bahay ng Diyos, ang Kanyang pinananahanang lugar—2:4, 10, 17-20; Efe. 2:21-22.

**III. Ang layunin ng pagtatayo ng pader ay ang dalhin tayong lahat sa wastong kaayusan sa buhay sa ilalim ng pagkaulo ni Kristo—1:22-23; Col. 1:18; 2:19:**

A. Si Kristo ay kapwa ang Ulo ng Katawan, ang ekklesia, sa pangsama-sama at lahat ng mga mananampalataya sa pang-inidibiduwal; Siya ang direktang Ulo ng bawat isa sa atin—1:18; 1 Cor. 11:3.

B. Ang buhay ekklesia ay isang buhay ng pagiging napailalim sa bukod tanging pagkaulo ni Kristo—Efe. 1:10, 22-23; 4:15-16; Col. 2:19.

C. Kung ating pararangalan ang bukod tanging pagkaulo ni Kristo, sa gayon sa pagbabawi ng Panginoon ang ekklesia ay hindi lamang ang bahay bagkus ang lunsod din—Heb. 11:10; Ezra 1:2-3; Neh. 1:9; 2:5, 17; 1 Tim. 3:15; Apoc. 21:2, 10-11:

1. Ang ekklesia bilang ang bahay ay pangunahing si Kristo bilang buhay, at ang ekklesia bilang ang lunsod ay pangunahing si Kristo bilang Ulo—1 Tim. 3:15; Mat. 5:14; Col. 3:4; 1:18:
   a. Kapag nararanasan at natatamasa natin si Kristo bilang buhay, taglay natin ang ekklesia bilang ang bahay; kapag natanto natin ang bukod tanging pagkaulo ni Kristo, ang ekklesia ay mapapalaki bilang ang lunsod, na sumasagisag sa kaharian ng Diyos—Mat. 16:18-19.
   b. Ang ekklesia bilang ang lunsod ay tinayo hindi lamang taglay si Kristo bilang buhay bagkus kasama rin ang pagkaulo ni Kristo; kaya, si Kristo ay hindi lamang dapat maging ating buhay bagkus ang atin ding Ulo—Col. 3:4; 1:18; 2:19.
2. Kung pararangalan natin ang bukod tanging pagkaulo ni Kristo, ang ekklesia ay mapapalaki mula sa bahay tungo sa lunsod para sa Hari at sa Kanyang kaharian—Aw. 48:1-2; 1 Cor. 1:2; 12:12-13, 27; Efe. 1:22-23; 4:15-16; Apoc. 21:2, 10-11, 14; 11:15.

**IV. Kailangan nating itayo ang pader upang protektahan ang ekklesia mula sa mga naiibang pagtuturo, na salungat sa pagtuturo ng mga apostol—Gawa 2:42; 1 Tim. 1:3-4:**

A. Ang mga naiibang pagtuturo ay tumutukoy sa mga pagtuturong hindi nakahanay sa ekonomiya ng Diyos—6:3.

B. Ang mga naiibang pagtuturo sa 1:3-4, 6-7; 6:3-5, 20-21 at ang mga heresiya sa 4:1-3 ay ang binhi, ang pinagmumulan, ng paglubog, pagbaba, at pagsamá ng ekklesia.

C. Ang pagtuturo nang naiiba ang sumisira sa pagtatayo ng Diyos at pinawawalang saysay ang ekonomiya ng Diyos; kahit ang maliit na pagtuturo sa naiibang paraan ay sumusira sa pagbabawi.

D. Para sa administrasyon at pagpapastol ng isang ekklesia lokal, ang unang bagay na kailangan ay ang tapusin ang mga naiibang pagtuturo ng mga tumututol, na gumagambala sa mga banal mula sa sentrong linya ng ekonomiya ng Diyos—Tito 1:9.

E. Dapat nating iwasan ang mga naiibang pagtuturo at magtuon sa ekonomiya ng Diyos hinggil kay Kristo at sa ekklesia—1 Tim. 1:3-4; Efe. 3:9; 5:32.

**V. Kung ang pader ay naitayo sa ekklesia, tayo ay mapoprotektahan mula sa mga ginagamit ng kaaway upang wasakin ang gawaing pagtatayo ng Diyos:**

A. Ang mga sumisira ng dibinong pagtatayo ay yaong nagpapahayag at nagtuturo ng mga heresiya—2 Ped. 2:1; 2 Juan 7-11:

1. Yaong mga nagtuturo ng heresiya hinggil sa persona ni Kristo ay mga antikristo, itinatanggi kapwa ang persona ng Panginoon bilang ang Amo at ang Kanyang pagtutubos, kung saan tinubos ng Panginoon ang mga mananampalataya; ang itanggi na ang taong si Hesus ay Diyos ay isang malaking heresiya—b. 7; 1 Juan 2:18, 22-23; 4:2-3.
2. Binalaan ng apostol ang mga mananampalataya na bantayan ang kanilang mga sarili sakaling maipluwensiyahan sila ng mga heresiya at maiwala ang mga bagay ng katotohanan; dapat nating tanggihan ang mga nagtatatwa sa paglilihi at pagkadiyos ni Kristo, na huwag silang tanggapin sa ating mga bahay o batiin sila—2 Juan 8-11.

B. Ang mga sumisira ng dibinong pagtatayo ay yaong mga mapagpangkat, sektaryan—Tito 3:10:

1. Ang mapagpangkat na tao ay isang heretiko, taong sektaryan na nagsasanhi ng mga pagkakahati-hati sa pamamagitan ng pagbubuo ng mga partido sa ekklesia ayon sa kanyang mga sariling opinyon; upang mapanatili ang mabuting kaayusan sa ekklesia, ang isang mapagpangkat, mapaghati-hating tao ay dapat tanggihan, ayáwan matapos ang una at ikalawang pagpapaalala—b. 10.
2. Dahil ang gayong mapaghati-hati ay nakakahawa, ang ganiotng pagtanggi ay para sa pakinabang ng ekklesia upang ang pakikipag-ugnay sa isang mapaghati-hati ay matigil—cf. Bil. 6:6-7.

C. Ang mga sumisira ng dibinong pagtatayo ay yaong gumagawa ng mga paghahati-hati—Roma 16:17:

1. Sa Roma 14 si Pablo ay liberal at mapagbiyaya hinggil sa pagtanggap ng mga naiiba sa doktrina o kasanayan; gayunpaman, sa Roma 16:17 siya ay di-matitinag at disidido sa pagsasabi na dapat nating "tandaan yaong mga gumagawa ng mga paghahati-hati at nagsasanhi ng katitisurang salungat sa pagtuturo ng natutunan ninyo, at lumayo sa kanila."
2. Ang Panginoon ay nasusuklam sa "naghahasik ng pagtatalo sa gitna ng mga kapatid"—Kaw. 6:16, 19.

D. Ang mga sumisira ng dibinong pagtatayo ay yaong mga ambisyoso para sa posisyon—3 Juan 9:

1. Huwag nating kailanman hangarin na maging una sa anumang gawain para sa Panginoon; ito ang tusong gawain ng nakakubling ambisyon upang makipagpaligsahan sa iba na maging una—b. 9.
2. Ang mga sumisira ng dibinong pagtatayo ay yaong mga lobo, walang patawad sa kawan, at yaong nagsasalita ng mga masamang bagay upang hatakin ang mga mananampalataya na sumunod sa kanila—Gawa 20:29-30.

**VI. Pagkatapos maitayo ang pader, malalabanan natin ang pagsalakay ng kamatayan sa ekklesia at itatayo ang Katawan ni Kristo sa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—Mat. 16:18; Juan 11:25; Efe. 1:22-23; 4:16:**

A. Ang kamatayan ay ang katangian ng gawain ni Satanas; ang sukdulang gol ng kanyang gawain ay upang babaran ang tao ng kamatayan—Heb. 2:15.

B. Ipinapakita sa atin ng Mateo 16:18 kung ano ang pinagmumulan ng pagsalakay sa ekklesia—"ang mga pintuan ng Hades," yaon ay, kamatayan:

1. Ang espesyal na layon ni Satanas ay ang magpalaganap ng kamatayan sa loob ng ekklesia, at ang kanyang lubhang kinatatakutan kaugnay sa ekklesia ay ang kanyang paglaban sa kanyang kapangyarihan ng kamatayan—Apoc. 2:8, 10-11.
2. Ang ekklesiang naitayo sa ibabaw ng "batong ito" ay makakakilatis sa pagitan ng kamatayan at buhay, at ang mga pintuan ng Hades ay hindi makakapanaig laban dito—Mat. 16:18.

C. Kailangan nating makilala si Kristo bilang ang Una at ang Huli—ang palagiang umiiral, di-nagbabagong Isa—at bilang ang Isa na namatay at muling nabuhay—ang Isa na siyang pagkabuhay na muli—Apoc. 1:18; 2:8; Juan 11:25; Gawa 2:24.

D. Maitatayo natin ang Katawan ni Kristo sa loob lamang ng pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—Efe. 2:6, 21-22; 4:16; Apoc. 1:18; 2:8; Fil. 3:10:

1. Ang Katawan ni Kristo ay nasa pagkabuhay na muling buhay ni Kristo—Juan 11:25:
   a. Ang kalikasan ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo ay pagkabuhay na muli—Gawa 2:24; Efe. 1:19-23.
   b. Ang ekklesia ay isang bagong paglikha na nilikha sa pagkabuhay na muli ni Kristo at sa pamamagitan ng nabuhay na muling Kristo—1 Ped. 1:3; Efe. 2:6; Gal. 6:15.

2. Ang Katawan ni Kristo ay nasa pagkabuhay na muli, at ang realidad ng pagkabuhay na muli ay si Kristo bilang ang Espiritung nagbibigay buhay—Juan 11:25; 20:22; 1 Cor. 15:45b.
3. Ang prinsipyo ng pagkabuhay na muli ay yaong ang natural na buhay ay pinapatay at ang dibinong buhay ay bumabangon upang halinhan ito—2 Cor. 1:9.
4. Kapag hindi tayo namumuhay sa pamamagitan ng natural na buhay bagkus namumuhay sa pamamagitan ng dibinong buhay sa loob natin, tayo ay nasa pagkabuhay na mui; ang kinalabasan ng gayong pamumuhay ay ang paglago at pagtatayo ng ekklesia bilang ang Katawan ni Kristo—Fil. 3:10-11; Efe. 4:15-16; Col. 2:19; 3:15.

*© 2022 Living Stream Ministry*